Queensland Health

Patakaran at Plano sa Paggawa ng Multikultural na Kalusugan 2024–2029

Ang lahat ng mga tao na nagmula sa ibat-bang kultura sa Queensland ay maaaring makagamit ng ligtas at naaangkop sa kulturang mga pampublikong pangangalaga sa kalusugan na may mga pantay-pantay na kahinatnan.

MGA PRINSIPYO

- **Pantay-pantay sa kalusugan, ligtas at de-kalidad na pangangalaga**
- **Batay sa ebidensya at kaalaman sa komunidad**
- **Pangangalaga sa buong tao**
- **Pagtugon sa rasismo at diskriminasyon**
- **Nakabahaging pangako, responsibilidad at pananagutan**

Ang MHPAP ay magtutuon sa mga resulta ng kalusugan para sa lahat ng multikultural na populasyon. Kabilang ang mga taong:

- ipinanganak sa Australya na may mga magulang o lolo't lola na ipinanganak sa mga ibayong bansa
- lumipat sa Australya bilang mga taong nagsilikas (refugee) o naghahanap ng asylum
- mga mamamayan ng New Zealand na may pansamantalang visa
- mga taong nasa pansamantalang visa na may limitadong paggamit sa Medicare, kabilang ang mga pana-panahong manggagawa, internasyonal na mag-aaral at ang mga nasa ibang pansamantalang landas (pathways) para sa visa
- Mga taga-South Sea Islands ng Australya.

MHPAP KONSULTASYON

- 27 ORGANISASYON
- 725 KATAO
- BUONG ESTADO

MGA PAMAMARAAN

- **22** PINUNTIRYANG MGA WORKSHOP
- **15** MGA PAGSUSUMITI
- **43** ISA-ISANG PAGMITING
- **161** MGA TUGON SA SARBEY

Ang MHPAP ay ang unang patakaran na binuo ng Queensland Health sa loob ng mahigit 10 taon na naglalayong mapabuti ang kalusugan ng mga multikultural na populasyon.

Ang MHPAP ay idinisenyo kasama ng maraming stakeholder, kabilang ang mga miyembro at organisasyon ng komunidad, upang matiyak na ang boses ng komunidad ay nakikita sa ating patakaran para sa sistema ng kalusugan.

Ang MHPAP ay maghahatid ng mga programa at inisyatiba sa buong sistema ng kalusugan upang mas mahusay na makakatugon tayo sa mga pangangailangang pangkalusugan ng mga multikultural na komunidad. Sinusubaybayan ng Queensland Health ang pag-uunlad nito sa pagkakamit ng mga pakay at layunin ng MHPAP.

i-scan ang QR code upang mahanap itong buod sa iyong wika at madagdagan ang mabasa tungkol sa Patakaran at Plano sa Paggawa

Nagpapasalamat ang Queensland Health sa lahat ng mga taong nag-ambag sa patakarang ito sa pamamagitan ng pagbabahagi ng kanilang mga natatanging karanasan at mungkahi kung paano pagbutihin ang kalusugan ng mga multikultural na komunidad.

Queensland Government

Mga prayoridad na	Mga layunin	Ang narinig namin
Priyoridad 1 **Pag-iwas at maagang pakikialam**	• Makikipag-ugnayan tayo sa mga tao nagmula sa multikultural upang mas maunawaan ang mga hamon na kinakaharap nila sa paggamit at pagkamit ng mabuting kalusugan at kapakanan. • Makikipagtulungan tayo sa mga multikultural na komunidad upang magdisenyo ng mga serbisyong pangkalusugan na makatulong na madaig ang mga problemang ito. • Susuportahan natin ang mga taong multikultural upang mapamahalaan nila ang kanilang kalusugan, maiwasan ang sakit at makakuha ng mga serbisyong pangkalusugan.	**"Bumuo ng kakayahan ng komunidad sa pag-iwas ng sakit sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mga hakbangin sa pag-iwas ay mahusay na sinusuportahan ng mga kwalipikadong propesyonal sa kalusugan ngunit hinahayaan namin, sa komunidad."**
Priyoridad 2 **Mataas na kalidad ng mga serbisyo sa wika at mga mapagkukunan ng komunikasyon**	• Titiyakin natin na alam ng mga kawani ng Queensland Health kung paano, kailan at bakit makikipag-ugnayan sa mga interpreter. • Magbibigay tayo ng impormasyon sa mga taong nagmula sa magkakaibang wika sa kanilang ginugustong wika. • Susubaybayan at paghuhusayin natin ang kalidad ng mga serbisyo sa wika na ibinibigay sa mga pasyente, kabilang ang pagsuporta sa mga manggagawa sa mga serbisyo ng wika.	**"Ang mga hadlang sa wika ay nananatiling pinakamalaking hadlang sa pangangalagang pangkalusugan para sa ating mga komunidad. Ang paggamit ng mga magagamit na serbisyo ng interpreting sa loob ng sistema ng kalusugan ay hindi gaanong naiintindihan at nagagamit."**
Priyoridad 3 **Mga serbisyong pangkalusugan na napapanatili, madaling magamit , may kaalaman tungkol sa trauma at ligtas sa kultura**	• Bubuo tayo ng kultura sa mga serbisyo ng Queensland Health na may paggalang sa mga pasyente at walang rasismo at diskriminasyon. • Daragdagan natin ang bilang ng mga taong multikultural na lumahok sa mga lupon at komite. • Susuportahan natin ang mga multikultural na komunidad upang maunawaan at gamitin ang kanilang mga karapatan kapag gumagamit sa mga serbisyong pangkalusugan. • Bubuo tayo ng mga programang naaangkop sa kultura upang matulungan ang mga pasyente na mag-navigate at maging ligtas sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan.	**"Ang kakayahang baguhin ang karaniwang kasanayan upang mas mahusay na matugunan ang mga pangangailangan ng ating mga komunidad ay susi, tulad ng mga multikultural na nurse navigator na nakatulong sa paggamit sa isang kumplikadong sistema."**
Priyoridad 4 **Mga mabungang sosyohan, tulungan at ugnayan**	• Bubuo tayo ng mga matatag at magalang na relasyon sa mga multikultural na komunidad. • Makikipagtulungan tayo sa iba pang mga bahagi ng sistema ng kalusugan upang gawing mas madali para sa mga multikultural na komunidad na magamit ang pangangalagang pangkalusugan. • Makikipagtulungan tayo sa mga organisasyon ng komunidad upang matiyak na ang mga multikultural na komunidad ay suportado upang makamit ang posibleng pinakamahusay na kalusugan at kapakanan.	**"Maraming natutunan mula sa COVID-19 na nagpakita ng kahalagahan ng pakikipagtulungan sa lahat ng larangan ng kalusugan, sa pakikipagtulungan sa komunidad at iba pang mga sektor upang matugunan ang mga panlipunang sukatan ng kalusugan."**
Priyoridad 5 **Iba't iba, mapagkandili at may kakayahan sa kultura na mga manggagawang pangkalusugan**	• Magpapatupad tayo ng mga mapagkandili na kaugalian sa pagkuha ng mga manggawa para bumuo ng isang magkakaibang puwersa ng mga trabahador sa kalusugan. • Magbibigay tayo ng angkop na pagsasanay para sa mga kawani ng Queensland Health upang makapaghatid ng pangangalagang ligtas sa kultura at tumutugon. • Sisiguraduhin natin na ang mga kawani ng Queensland Health mula sa maraming kultura ay nakadarama ng pagpapahalaga, paggalang, at may kapangyarihan sa lugar ng trabaho.	**"May pangangailangang na matiyak na ang pagkakaiba-iba ng kultura at propesyon ay makikita sa sistema. Kung hindi, maaaring hindi kinakatawan ang ilan sa ating mga komunidad ang puwersa mga manggagawa sa kalusugan . Kailangan nating makita ang pantay na pamamahagi ng pagkakaiba-iba sapuwersa ng mga manggagawa sa datos at isang workforce na sinanay upang magkaroon ng pagkaka-unawa sa pakikipagtulungan sa mga tao mula sa ating mga komunidad."**
Priyoridad 6 **Multikultural na datos at pananaliksik**	• WPagbutihin natin kung paano natin kinokolekta at sinusuri ang impormasyon tungkol sa mga multikultural na komunidad upang mapahusay ang mga serbisyong pangkalusugan. • Magsasagawa tayo ng higit pang pagsasaliksik tungkol sa mga isyu sa kalusugan na nakakaapekto sa mga multikultural na komunidad. • Sasabak tayo sa mga multikultural na komunidad sa pagsasaliksik upang mas maunawaan ang kanilang mga pangangailangan at resulta sa kalusugan.	**"Mahalagang mamuhunan sa pagbuo ng ebidensya ng pananaliksik at pakikipagtulungan sa ating mga komunidad sa mga pagsusuri at pananaliksik upang mapahusay ang mga serbisyong naaangkop sa kultura at epektibo para sa ating mga komunidad."**

SC2400222 /TAGALOG